# [Ulat] Mga pistahang Pinoy ngayong tag-init back-to-back sa magkaibang parte ng Canada

Mula silangan hanggang kanlurang Canada may piyesta na nagpapasaya sa mga Pinoy

**Rodge Cultura**
Ipinost: Hulyo 30, 2024 19:18

Iniugnay sa ginaganap na pistahan ang mga komunidad ng Pilipino ngayong summer sa magkaibang parte ng Canada na nagpapakita sa kultura at pagmamahal ng mga Pilipino sa musika.

## FUN Philippines Toronto

Idinaos sa Harbourfront Centre sa lungsod ng Toronto ang FUN Philippines (FP) kung saan parehong binusog ang mga nakisaya sa mabibiling mga pagkain, makikitang artworks, mapapanood na pelikula, tradisyonal na mga sayaw at mapapakinggan nang live ang mga kantang Original Pilipino Music (OPM).

Inabangan ng marami sa mga nakisaya ang *Happy Hour* hatid ng The Filipino Channel sa ginanap na Fun PhilippinesFP kung saan nakibahagi at kinanta ng sikat na Filipino singing artists na sina Ogie Alcasid at Zsa Zsa Padilla ang ilan sa mga hindi malilimutang OPM.
Ipina-experience sa mga nakipiyesta ang pagkaing Pinoy, musika at kulturang Pilipino. Bahagi ng festival ngayong taon ang Bintana ng Aming Lahi art exhibit kung saan bukod sa makikita na contemporary artworks ay mahahanap ang naka-display na portrait paintings ng ilan sa kilalang OPM singers sa Pilipinas.

Napaisip si Nena Cervantes, isang Pinay na matagal ng naninirahan sa Toronto, habang tiningnan ang paintings sa kanyang pagbisita sa exhibit. Aminado siya na marami sa singing artists sa portraits ang hindi niya kilala, ang kanilang kontribusyon sa mundo ng musikang Pilipino at ang kanilang mga awitin.

Hindi ako nakikinig ng mga [musikang] Tagalog and that is something I have to fix [for] myself, sabi ni Cervantes sa panayam ng Radio Canada International.



Isa-isang tiningnan ni Nena Cervantes ang bawat portrait painting ng Filipino singing artists sa kanyang pagbisita sa Bintana ng Aming Lahi Art Exhibit, Marilyn Brewer Community Space, City of Toronto.

LITRATO: RCI/RODGE CULTURA

Mahilig sa kasaysayan at passion ni Cervantes ang itulak ang pagkakapantay-pantay at baguhin ang pag-iisip na hinubog ng kolonyalismo. Para sa kanya marami pa ang kailangan gawin para ipaalala na ang lahing kayumanggi ay kailanman hindi inferior kundi kapantay ng mga puti.

Ang sinasabi ko para sa writer at artists, ipamulat ang katotohanan na tayo ay magandang lahi. Our expressions are beautiful and to go back to pre-Hispanic and pre-American, European influence ... that’s the 'kool-aid' we’re drinking that we are inferior, reaksyon ni Cervantes habang tiningnan ang portrait paintings.

Unang pagkakataon na idinaos sa Harbour Front sa Downtown Toronto ang FUN Philippines Food and Music Festival kung saan tanaw sa 'di kalayuan ang matayog na CN Tower at nakadungaw ang mga higanteng gusali ng lungsod.

We want to lift the spirit of the Filipinos. We came here [sa Harbour Front] because we want to lift it up a notch higher. Tapos na kami sa street festivals at naiiba ang audience doon. Dito sa Harbour Front, sinabi ng mga tao ito ba ay Filipino festival? ani Teresa Torralba.

Ang FUN Philippines ay isang summer event sa Toronto na inorganisa ng Philippine Legacy and Cultural Alliance.